

Virtua Health
Polisiya ng Tulong Pinansiyal (Financial Assistance Policy) – Plain Language Summary (“PLS”)

Ang Polisiya ng Tulong Pinansiyal [Financial Assistance Policy (“FAP”)] ng Virtua Health (“Virtua”) ay itinatag upang magkaloob sa mga karapat-dapat na pasyente, ng bahagi lamang o buong diskuwento sa emerhensiya o iba pang kailangang mga serbisyong medikal sa pangangalagang pangkalusugan na ipinagkaloob ng Virtua. Ang mga pasyenteng naghahanap ng tulong pinansiyal ay dapat mag-aplay para sa inalok na mga programa. Ang sumusunod ay ang buod ng polisiya:

Karapat-dapat na mga Serbisyo – Ang emerhensiya o iba pang kailangang mga serbisyong medikal sa pangangalagang pakalusugan na ipinagkaloob at siningil ng Virtua. Ang FAP ay umiiral lamang sa mga serbisyong siningil ng Virtua. Ang mga kaugnay na mga serbisyong hiwalay na siningil ng iba pang tagapagkaloob ng serbisyo, gaya ng mga independiyenteng doktor, ay maaaring hindi maging sakop sa ilalim ng FAP.

Karapat-dapat na mga Pasyente – Ang mga pasyenteng tumatanggap ng karapat-dapat na mga serbisyo na nagpapasa ng kumpletong aplikasyon sa tulong pinansiyal (“Aplikasyon”) (kabilang ang kaugnay na dokumentasyon/impormasyon) at napagpasyahang karapat-dapat para sa tulong pinansiyal ng Virtua.

Paano Mag-aplay – Ang FAP at kaugnay na mga Aplikasyon ay maaaring makuha/makumpleto/ipasa gaya ng sumusunod:

- Sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Virtua sa www.virtua.org;
- Sa pamamagitan ng pagbisita nang personal o paghiling sa pamamagitan ng koreo sa Patient Accounting Department ng Virtua na matatagpuan sa 2000 Crawford Place, Suite 100, Mt. Laurel, NJ 08054, sa pagitan ng mga oras na 7:30 ng umaga at 4:00 ng hapon.
- Paghiling ng mga dokumento sa pamamagitan ng koreo o pagtawag sa customer service bureau ng Virtua sa (833)335-4010 sa pagitan ng mga oras ng 8:30 ng umaga at 8:00 ng gabi, Lunes hanggang Huwebes, at sa pagitan ng 8:30 ng umaga at 5:00 ng hapon sa Biyernes;
- Pagpapadala sa koreo ng binanggit na mga kumpletong Aplikasyon (kasama ng lahat ng dokumentasyon/impormasyon) sa:

Virtua Patient Accounting Department
2000 Crawford Place, Suite 100
Mount Laurel, NJ 08054

Pagpapasiya sa Pagiging Karapat-dapat sa Tulong Pinansiyal – Sa pangkalahatan, ang mga pasyenteng walang seguro (uninsured) na ang kabuuang kita ng pamilya ay hindi lumalampas sa 500% ng Federal Poverty Guidelines (“FPG”) ay karapat-dapat sa tulong pinansiyal. Bilang dagdag, ang mga pasyenteng mababa ang seguro (underinsured) ay maaaring karapat-dapat, gamit ang sliding scale, kapag ang kanilang kabuuang kita ng pamilya ay nasa o mababa sa 300% ng FPG. Ang pagiging karapat-dapat para sa tulong pinansiyal ay nangangahulugang ang mga karapat-dapat na pasyente ay magkakaroon ng kanilang pangangalaga nang buo o bahagi lamang na diskuwento at hindi sisingilin ng mahigit sa “Amounts Generally Billed” (“AGB”) ng mga nakasegurong tao (ang AGB, ayon sa kahulugan sa IRC §501(r) ng Internal Revenue Service). Ang mga antas ng tulong pinansiyal, batay lamang sa kabuuang kita ng pamilya at FPG, ay:

- Ang mga indibiduwal na mababa ang seguro na may kabuuang kita ng pamilya sa 0 hanggang 200% ng FPG; Buong tulong pinansiyal; \$0 ay ang maaaring singilin sa pasyente.
- Ang mga indibiduwal na mababa ang seguro na may kabuuang kita ng pamilya na mas mataas sa 200% ngunit mababa o katumbas sa 300% ng FPG; Bahagi lamang na tulong pinansiyal; ang AGB ay ang pinakamataas na maaaring singilin sa pasyente.
- Ang mga indibiduwal na walang seguro na may kabuuang kita ng pamilya na mababa sa 500% ng FPG; Bahagi lamang na tulong pinansiyal; ang AGB ay ang pinakamataas na maaaring singilin sa pasyente.

Paalala: Ang iba pang pamantayan nang higit sa FPG ay isinasaalang-alang din (hal., paninirahan, mga pamantayan sa pag-aari), na maaaring magresulta sa mga eksepsiyon sa nauuna. Kung walang iniulat na kabuuang kita ng pamilya, mangangailangan ng impormasyon sa kung paano natugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan.

Ang Patient Accounting Department ng Virtua ay nagrerepaso sa mga ipinasang aplikasyong kumpleto, at nagpapapsiya sa pagiging karapat-dapat sa tulong pinansiyal alinsunod sa FAP ng Virtua. Kung tumanggap ng hindi

kumpletong mga aplikasyon, ipinapaalam sa mga aplikante at binibigyan ng pagkakataong ibigay ang kinakailangang nawawalang dokumentasyon/impormasyon.

Isinasalin ng Virtua ang mga FAP, Aplikasyon at PLS nito sa iba pang mga lengguwahe kung saan ang pangunahing lengguwahe ng mga pangunahing lugar ng serbisyo ng Virtua ay kumakatawan sa mas mababa sa 5% o 1,000 indibiduwal. Mayroon ding mga serbisyo sa pagsasalin upang matugunan ang mga kailangan ng pasyente.

Para sa tulong o mga tanong, mangyari lamang na pumunta sa Patient Accounting Department ng Virtua na matatagpuan sa 2000 Crawford Place, Suite 100, Mt. Laurel, NJ 08054, sa pagitan ng mga oras ng 7:30 ng umagaat 4:00 ng hapon. Bilang dagdag, mangyaring tumawag sa customer service bureau ng Virtua sa (833)335-4010.